Tagalog

VIRAL HEMORRHAGIC FEVER

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang
Aloha United Way 2-1-1
www.hawaii.gov/doh
o www.cdc.gov

Ano ang viral hemorrhagic fever?

Ang viral hemorrhagic fever (VHF) ay isang grupo ng sakit na dulot ng ilang pamilya ng mga bakterya na siyang nagdudulot ng mapanganib at nakamamatay na sakit. Ang mga sakit na ito ay tinatawag na "hemorrhagic" dahil sa katangian ng kadalasang pagdurugo.

Ang mga bakteryang madalas masama sa VHFs ay kadalasang nakikita sa mga hayop, garapata, o lamok. Lubusang nakadepende ang mga bakteryang ito sa kanilang mga "host" upang mabuhay.

Papaano kumakalat ang viral hemorrhagic fever (VHF)?

Kumakalat ang mga bakteryang nagdudulot ng hemorrhagic fever kapag ang mga tao ay:

- Nagkaroon ng kontak sa mga ihi, dumi, laway, o anumang likidong sa katawan ng mga kontaminadong mga hayop tulad ng daga.
- Nakagat ng mga lamok o garapata.
- Liban pa dito, maaaring maikalat ang baktirya sa pamamagitan ng mga pagkain ng mga hayop. Maaring mahawaan ang mga tao sa pagpatay ng mga hayop.

Maaring kumalat ang ilan mga baktirya na siyang nagdudulot ng hemorrhagic fever sa pamamagitan ng pakikipagugnayan ng kontaminadong tao sa iba. Maaaring direkta ang pagkahawa sa ikalawang uri ng pagkalat nito sa pamamagitan ng malapit na pagkontak sa mga kontaminadong tao o di kaya'y sa mga likido sa katawan. Maaring rin hindi direkta ang pagkakahawa sa pamamagitan ng paghawak sa mga kontaminadong mga bagay tulad ng iniksyon o karayom na nakontaminahan ng ibang likido.

Upang maiwasan ang ang pagkahawa mula sa ibang tao, ang pinakamabisang pagkontrol sa pagkalat ng sakit ay sa pamamagitan ng pagiwas sa pakikipagugnay sa mga kontaminadong tao at sa mga likido nila sa katawan.

Ano ang mga palatandaan ng hemorrhagic fever?

Ang mga palatandaan ng hemorrhagic fever ay makikita pagkatapos malantad sa loob ng 4-21 araw. Ang mga sumusunod ay:

- Lagnat
- Pagkapagod
- Pagkahilo
- Pagkakaroon ng galis

- Pananakit ng mga kalamnan
- Pagkawala ng lakas
- Pagkahapo

Ang malalang uri ng VHF ay kadalasang may palatandaan nang pagdurugo sa ilalim ng balat, sa mga panloob ng bahagi ng katawan, at sa bibig, mata, o puwet.

Ang mga pasyenteng may malalang palatandaan ay maaaring magkaroon ng pagkabigla, koma, pagkahibang, pangingisay, at pagtigil sa pagtakbo ng bato.

Papaano ginagamot ang viral hemorrhagic fever?

Inilalagay ang mga taong mayroon nito sa hospital at binibigyan karampatan pag-aaruga. Walang ispesipikong uri ng paggamot para sa viral hemorrhagic fever.

Papaano malalaman kung ikaw ay nalantad sa VHF?

Hindi mo malalaman na ikaw ay nalantad hanggang ang mga palatantaan ay magsisimulang magpakita sa loob ng 4-21 araw pagkatapos ng pagkalantad. Ang tamang pagtingin nito ay sa pagsusuri sa mga palatandaan at kung papaano ang paglago ng sakit. Ang pagpapatibay sa pagsuri sa dugo at ilang mga “tissue samples” ay maaaring magtagal ng ilang mga araw.

Ano ang dapat gawin kapag ikaw ay nalantad sa viral hemorrhagic fever?

Humanap kaagad ng saklolong medikal. Sabihan ang mga kinauukulan sa kalusugan ang inyong posibleng pagkalantad. Limitahan ang pakikipag-ugnay sa ibang tao kung ikaw ay may sakit. Subaybayan ang inyong kalusugan sa pamamagitan ng inyong lagnat o butlig.

Saan makikita ang viral hemorrhagic fever?

Ang mga baktirya na siyang nagdudulot ng VHF ay nakakalat sa buong mundo. Ngunit, dahil ang bawat baktirya ay nakikita sa isa o mas marami pang hayop, ang baktirya at ang sakit na idinudulot nito ay tangi lamang nakikita sa lugar na kung saan nakatira ang “hayop” o “host”. Dahil maraming taong ang naglalakbay kada taon, ang pagkalat ng sakit na ito ay dumarami rin lalong-lalo na sa mga lugar na kung saan bibihira lamang makita o kung di man, minsan lamang ito naitala.

Bakit may pangamba sa paggamit sa viral hemorrhagic fever (VHF) bilang isang sandatang bayolohikal?

Ilang uri ng VHF ay nakakahawa, at nakakamatay, at kadalasang walang lunas. Mula sa pagsimula ng sakit, pagkatapos malantad, ay maaaring tumagal hanggang 21 araw at nagbibigay ito ng pagkakataon na ikalat ang sakit sa mas malawak na lugar.

Maaari bang magkaroon ng hemorrhagic fever ang mga alagang hayop?

Tagalog

Oo, maaaring magkaroon ng hemorrhagic fever ang mga hayop. Kung inaakala ninyong mayroong nalantad sa VHF ang inyong alaga, huwag mag-atubiling pumunta sa inyong beterenaryo. Ilang uri ng baktiryang VHF ay maaaring malipat sa pamamagitan ng garapata, kuto, at lamok patungong sa mga tao.

Ano ang mga palatandaan ng VIRAL HEMORRHAGIC FEVER (VHF)

Ang mga palatandaan ng hemorrhagic fever ay makikita pagkatapos malantad sa loob ng 4-21 araw. Ang mga sumusunod ay:

- Lagnat
- Pagkapagod
- Pagkahilo
- Pagkakaroon ng galis
- Pananakit ng mga kalamnan
- Pagkawala ng lakas
- Pagkahapo

Ang malalang uri ng VHF ay kadalasang may palatandaan nang pagdurugo sa ilalim ng balat, sa mga panloob ng bahagi ng katawan, at sa bibig, mata, o puwet.

Ang mga pasyenteng may malalang palatandaan ay maaaring magkaroon ng pagkabigla, koma, pagkahibang, pangingisay, at pagtigil sa pagtakbo ng bato.

Hawaii State Department of Health www.hawaii.gov/doh
Para sa karagdagang impormasyon o pagsangguni tumawag sa 2-1-1

Ang Kagawaran ng Kalusugan ay naglalayong mabigyan ng pagkakataong ang lahat na walang pagkiling sa lahi, kulay, o bansang pinanggalingan (kabiliang dito ang wika), gulang, seks, relihiyon, o kapansan sa kanilang mga programa at aktibidades.

Sumulat o tumawag sa Affirmative Action Officer sa P.O. Box 3378, Honolulu, HI 96801-3378 o magiwan ng mensahe sa (808) 586-4616 sa loob ng 180 araw ng suliranin.